
# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

ISSN 2507-8933

TOMO 2 , BILANG 3 | 2017



# Bagong dugo sa KALABAWAN

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

TOMO 2, BILANG 3 | 2017



**PATNUGUTAN**

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC
**Tagapamahalang Patnugot** MERVALYN O. TOMAS
**Disenyo/Layout** KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, CHRISSALYN L. MARCELO, KHRIZIE EVERT M. PADRE, ANSELMO S. ROQUE, MERVALYN O. TOMAS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Kasangguni** ANSELMO S. ROQUE
**Tagapayo** ARNEL N. DEL BARRIO



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng paggagatasan sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Fax: +63 02 926-7707 • +63 02 921-3863 • E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09167528507, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09283556029, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238, pccclsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 53 335-2648, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 33 320-2445, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** +63 34 735-0121, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09189194473,pcc-mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09391339815, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872, usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN


3 Mga bagong dugo sa pagkakalabawan

6 Abot-kamay na magandang bukas

9 Kabataang nagkapuso sa industriya ng paggagatasan

13 Angat-buhay bilang 'barefoot technician'


18 May agos ng buhay sa industriya ng pagkakalabawan

22 Sa langit ng sariling negosyo

26 Patotoo ng isang kabataan: Magagamit ang naiibang kasanayan sa pagkakalabawan

28 Hatid ng mga kabataan
Sigla't saya sa pagkakalabawan sa Masaya Sur

31 Mga kaisipan at opinyon
Bakit mahalaga ang papel ng kabataan sa pag-unlad ng agrikultura o paghahayupan?


**Paliwanag sa pabalat**

**Kinikilala ng Philippine Carabao Center ang malaking papel ng mga kabataan sa pagsulong ng pagkakalabawan sa bansa.**

**Isa si Jayson Albay, 27, sa mga kabataang sumubok sa pagkakalabawan at nakaranas makatanggap ng mga biyayang hatid ng gatasang kalabaw.**

# Mga bagong dugo sa pagkakalabawan

NI ANSELMO ROQUE

**Mahalaga, napakahalaga, ng agrikultura sa bansa. Lalo na ang larangan na may kinalalaman sa produksiyon ng palay na siyang pangunahing pagkain ng halos lahat ng mamamayang Filipino.**

Bagama't laging hindi sumasapat ang naaaning panustos na palay, maigting naman ang pagsisikap ng Kagawaran ng Agrikultura, kasama ang iba pang mga ahensiya at mga sangkot sa larangang ito, para matugunan ang kailangan para magkaroon ng sapat na ani. Naririyan ang pagbubukas ng mga bagong lupain para lumawak pa ang lupang sinasaka. Naririyan din ang pagtitindig ng mga imprastraktura, gaya ng sistema ng patubig, para makatulong sa mataas na aning palay.

Hindi rin makalilimutan ang patuloy na pagpapaige sa mga makabagong binhi na higit na malakas umani. Gayundin ang pagbubunsod ng mga nababagong pamamaraan sa pagsasaka, kabilang na ang mekanisasyon, at ang higit na matipid na paglalagay ng mga *input* na hindi naman nasasakripisyo ang pagtitiyak sa mataas na ani.

Nguni't batay sa mga datos, hindi maikakaila na ang mga pangunahing personahe sa produksiyon ng palay – ang mga magsasaka – ay nagkakaedad na o iyong madalas na inilalarawan sa Ingles na mga magsasakang nasa yugtong "graying" o may uban na.

Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Philippine Rice Research Institute (PhilRice), ang pangkaligitnaang edad mula sa pinakabata at pinakamatanda (mean age) ng magsasakang Filipino ay 54 na taon.

Sa sumunod na mga pag-aaral, sa nalolooban ng sampung taon, ang mga magsasakang nasa edad na mula 40 hanggang 59 ay tumaas ang bilang sa pitong porsiyento. Yaon namang ang mga edad ay 60 taon pataas ay tumaas ang bilang ng dalawang porsiyento.


Ang lalawigan ng Pampanga ang siyang may mataas na pangkalagitnaang edad ng mga magsasaka – na 61 taong gulang.

Ang pinakamatanda namang magsasaka ay sa lalawigan ng Quezon – na may edad na 94 taong gulang. Dalawa namang magsasaka sa Nueva Ecija, na kapwa may edad na 91, ang naitalang gumagawa pa sa sari-sarili nilang mga sakahing bukid.

Bagama't karamihan sa mga magsasaka ay nagkakaedad na, kapansin-pansin na ngayon ang pagkakaroon nila ng masasandigang lakas sa mga gawain sa bukid – ang mga kasugpong. Sila'y mga taong karaniwang may sapat na lakas at matagal nang nasa larangan ng pagsasaka nguni't hindi nagkaroon ng lupang sakahin.

Sila yaong puwersa sa likod ng paghahanda ng punlaan at sa gawaing pamumunla, paggagayak ng lupang pagtatamnan ng tanim na palay, pagpapatanim, pagpapatubig, pagdadamo,

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



Isa sa mga kabataang pinili na italaga ang sarili sa pagtulong sa mga magsasakang sangkot sa pagkakalabawan.

# Mga bagong dugo...

MULA SA **PAHINA 3**

paglalagay ng pataba, pagwiwisik ng pamatay-kulisap, at maging sa pag-aani. Ang kanilang pakinabang sa kanilang pagiging kasugpong – sampung porsiyento ng ani at pagkakaroon ng karapatang mangutang nang walang patubo.

Sa pag-aaral na isinagawa, lubhang lumaki na ang porsiyento ng mga magsasaka o mga may-ari ng lupa na kumukuha ng kasugpong. Dahilan din ang sistemang ito para magkaroon ng lakas ng loob ang mga may sapat na puhunan para kumuha ng mga isinasanglang lupang sakahin sa kasunduang "sanglang buhay" o "sanglang patay".

Sa "sanglang buhay", ang kasunduan ay magbibigay ang sumangla ng lupa ng buwis na 10 hanggang 15 kabang palay tuwing anihan sa pinagsanglaan. Sa "sanglang patay", hindi na obligado ang nakasangla ng lupa na magbigay ng buwis. Magtatapos ang kasunduan sa sandaling maibalik ng nagsangla ang halaga sa naging "hiraman ng lupa at pera".

## ALTERNATIBONG PAGKAKAKITAAN

Sa kasalukuyan, mahigit sa dalawang milyon at anim na raang libo ang mga magsasakang nasa larangan ng pagpapalayan. Bawa't isang magsasaka ay tinutumbasang nagpapapakain ng 37 Filipino.

Sa kabila ng katotohanang ang mga magsasaka ang siyang nagpapakain sa mamamayan, madalas na itinuturing na sila yaong nasa sektor na hindi gasinong mapalad na magkaroon ng sapat na kita para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Kaya naman, ang marami sa kanila ay humahanap ng alternatibong mga gawain para magkaroon ng karagdagang kita.

Sa alternatibong mapagkakakitaan, isa sa isinulong ng pamahalaan ang pagkakalabawan, lalo na ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Dalawang uri kasi ang kalabaw – yaong uring pantrabaho na tinatawag na *swamp type* at yaong gatasan na tinatawag na *riverine type*. Iyong una, ang mga inahin ay di-gasinong nagbibigay ng maraming gatas pero ang ikalawa ay kilala sa mundo na nagbibigay ng maraming gatas na pinakikinabangan para sa pagsustento sa tao sa pangangailangan sa sariwang gatas o kaya naman ay sa paglikha ng mga produktong mula sa gatas.

Ang namamatnugot sa pagpapalaganap at pagpapalago ng *carabao development* at sa mga industriyang salig sa kalabaw ay ang Philippine Carabao Center (PCC). May mga sangay itong panrehiyon, kaya naman patuloy na lumalawak ang larangan ng pagkakalabawan sa bansa.

Hindi maikakaila na ngayon ay marami nang mga magsasaka na sumusuong sa larangan ng pagkakalabawan. Sila ang mga tinatawag na magsasakang-maggagatas. At, hayag na rin na marami na sa kanila ang mayroong mga kasaysayan ng pagtatagumpay ng higit pa sa inaasahan.

Sabi nga nila, "may ginto sa pagkakalabawan".

## PAGPASOK NG KABATAAN

Mayroong lumulutang ding pananaw na "darating din ang panahon" na ang mga kasalukuyang mga magsasakang-maggagatas ay tatawagin ding "graying" o magkaka-edad na rin. Ibig sabihi'y may panganib na manlumo ang pagkakalabawan dahil ang sandigang-lakas sa mga gawaing ugnay sa larangang ito ay mababawasan o manghihina na.

Huwag mabahala.

Sa isyung ito ng Karbaw Magasin, itinatampok ang mga bagong dugo sa pagkakalabawan at sa mga kaugnay na gawain. Mayroong mga kabataan na nagtapos ng kurso sa kolehiyo, naging empleyado sa mga tanggapan, nguni't iniwan ang trabaho at pumalaot sa pagkakalabawan. Mayroon ding mga kabataan na sumuong sa pagtatatag ng sariling mapagkakitaan na salig sa industriya ng kalabaw at ganap na nagtatagumpay.

Matutunghayan din ang istorya ng mga kabataang pinili na italaga ang sarili sa pagtulong sa mga magsasakang sangkot sa pagkakalabawan. Anila, sekondaryo na ang pagkakaroon ng pakinabang na suweldo sa namamaibabaw nilang kaisipang "nakatutulong sa pagpapaangat din ng kabuhayan ng kapwa".

Sila'y mga tunay na inspirasyon na maaaring pamarisan. Para sa kanila, naroroon ang magandang bukas dahil ang industriya ng pagkakalabawan ay itinuturing na "sunshine industry" ng bansa. Ⓚ

# Abot-kamay na magandang bukas



NI MERVALYN TOMAS

LARAWANG KUHA NINA KHRIZIE EVERT PADRE AT MERVALYN TOMAS

**Kasapatan sa iba't ibang pagkain na puwedeng anihin sa pamamagitan ng agrikultura sa bansa.**

Ito ang hayag na layunin ng Kagawaran ng Agrikultura. Hindi naman ito napakatayog na layunin sa dahilang may angkin ang bansa ng mga likas na yamang nakalaang gamitin sa produksyon ng iba't ibang pagkain.

Nguni't mayroong mga problema sa kabukiran, kabilang na ang pagiging malayo ng puso ng kabataan sa larangan ng agrikultura. Kaya madalas na nasasabi ngayon na nagkaka-edad na ang mga taong nasa larangan ng agrikultura.

Gayunman, hindi naman lubusang wala nang pag-asa na umakit ang agrikultura ng mga kabataan. Sa pagsasaka, marami-rami na rin ngayong kabataan, kabilang na ang mga nakapagtapos ng pag-aaral sa kolehiyo, ang nae-engganyo na pumalaot sa gawaing ito.

Sa paghahayupan, lalo na sa larangan ng pagkakalabawan, mayroon na ring mga kabataang kusang-loob na nagiging magsasakang-maggagatas. Tulad ni Moises Alfonso na sumunod sa yapak ng ama at ni Jayson Albay na kusang sumubok sa larangan ng pagkakalabawan.

Nakikita nila na sadyang malaki ang pag-asa at may hatid na magandang bukas ang pagkakalabawan.

**SI MOISES, 23**

Natatandaan pa ni Moises Alfonso, 23, kung paanong nag-umpisa at unti-unting umangat ang kanilang kabuhayan dahil sa gatasang kalabaw. Ito'y dahil sa napagsumikapang paramihin ng kanyang amang si Carlito Alfonso, isang premyadong magsasakang-maggagatas sa San Jose City, Nueva Ecija, ang iilan nilang kalabaw.

Taong 2007 nang magsimulang mag-alaga ang kanyang ama ng kalabaw. Mula sa iilan bilang pagsisimula, umabot sa pito ang gatasang kalabaw ng kanyang ama.

Ito'y bunga ng pagpapahiram ng Philippine Carabao Center (PCC) ng mga alagaing gatasang kalabaw.

Labing-tatlong taon pa lamang siya noon at nag-aaral sa *high school*. Kapag hindi abala sa pagpasok sa paaralan, siya, kasama ang iba pang miyembro ng pamilya, ay tumutulong sa mga gawaing may kinalaman sa wastong pagkakalabawan.

Dahil siya ang bunso sa tatlong magkakapatid, siya ang naatasan sa pagtatala kung ilang litro ng gatas ang nakukuha nila kada araw at kung magkano ang kinikita nila. Kalaunan, natuto na rin siyang mag-alaga ng kalabaw kaya siya at ang kanyang kuya Herson ang katu-katulong ng kanilang ama sa pag-aasikaso sa kanilang kalabawan.

Nang mag-kolehiyo siya, kumuha siya ng kursong *Marine Transportation*. Maluwalhati naman niya itong natapos. Nguni't sa halip na humanap ng gawaing angkop sa kanyang tinapos na kurso, pinili niya ang nakamulatang pagkakalabawan.

Nang magkasakit ang kanyang ama, ang kanyang ina at kuya ang mga pangunahing tumutok sa kanilang kalabawan. Sa bandang huli, sa kanya na naiatang ang pag-aasikaso sa kanilang mga alagang kalabaw. Ang kanyang nanay naman, para hindi masyadong mabigatan sa mga gawain, ay ang siya niyang inamuking maging tagatala ng kanilang inaaning gatas at kanilang kinikita.

Ngayon, 45 gatasang kalabaw ang inaalagaan ng pamilya sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap. Ayon sa kanya, karaniwang nakapagbebenta sila ng 48 litro ng gatas araw-araw.

"Kumikita kami ng nasa Php2,100 hanggang Php4,200 neto bawa't araw," pahayag ni Moises.

Natitiyak niya: mas malaki ang kita sa pagkakalabawan kaysa kung siya'y namasukan bilang isang nagtatrabaho sa barko.

"Wala akong pagsisisi na mas pinili ko ang negosyong ito dahil maliban sa malaki ang kita, hawak ko ang oras ko dito. Hindi katulad ng kung ako'y nagtrabaho sa barko na tiyak na may among nag-uutos at sinusunod," sabi niya.





"Gusto kong sabihin sa mga kapwa kong kabataan na huwag silang matakot subukan ang mga gawain sa bukid katulad ng pagkakalabawan dahil napakalaki ng kita dito. Bukod dito ay malaki ang naiaambag ng industriya ng agrikultura sa ikauunlad ng ating bansa at wala nang ibang magmamana nito kundi tayo rin."

- MOISES ALFONSO


Ayon sa kanya, ang pangarap niya ngayon ay mabilang siya at ang kanyang pamilya na isa sa may pinakamalaking kalabawan sa probinsiya ng Nueva Ecija. Gusto niyang paabutin sa 100 ang bilang ng kanilang kalabaw na inaalagaan at ginagatasan.

Sa ngayon, pinararami pa lang nila ang tanim na *napier* para kapag nadagdagan ang kanilang kalabaw ay magkasya ang kailangang pakain.

Mula sa kanyang karanasan, may hamon siya sa mga kabataan na katulad niya:

"Gusto kong sabihin sa mga kapwa kong kabataan na huwag silang matakot subukan ang mga gawain sa bukid katulad ng pagkakalabawan dahil napakalaki ng kita dito. Bukod dito ay malaki ang naiaambag ng industriya ng agrikultura sa ikauunlad ng ating bansa at wala nang ibang magmamana nito kundi tayo rin," sabi pa niya.

Kuwento niya, karamihan sa mga may-kaya sa kanilang lugar ay nag-umpisa sa pagiging magsasaka.

Kaya naman payo niya, "magtiis muna sa maliit dahil doon mag-uumpisa ang pag-unlad. Karamihan sa mga negosyong umunlad, nag-umpisa 'yan sa maliit. Magtiyaga at magsipag at siguradong uunlad ang iyong negosyo."

Dagdag pa niyang payo: "Dapat huwag magsawang mangarap. Huwag din laging aasa sa gobyerno. Kailangan gumawa at huwag kaagad susuko kung sakali't hindi pa naaabot ang pangarap."

**SI JAYSON, 27**

Magigilas at magaganda ang pangangatawan ng mga kalabaw na makikita sa gitna ng mga maisan sa isang nayon sa Rosario, La Union. Ang kalabawang ito ay pagmamay-ari ng pamilya ni Jayson Albay, edad 27 at miyembro ng Rosario Dairy

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

# Abot-kamay... MULA SA **PAHINA 7**




Producer's Associaton (RODPA).

Nakapagtapos si Jayson ng kursong *BS Agricultural Technology*. Pumasok muna siya bilang *technician* sa isang pribadong kumpanya.

Nang magkaroon siya ng kakilala na mga taga-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (PCC sa DMMMSU ) nahikayat siyang sumubok sa pagkakalabawan.

Maliban sa katotohanang gusto talaga niya ang gawain sa bukid, isang magkakalabaw sa Rosario ang lalong naka-engganyo sa kanya dahil nakikita niyang nabubuhay nang maayos ang pamilya nito.

Nagbitiw siya sa pagiging isang *technician*.

Sa pag-uumpisa niya, nahikayat din ang kanyang mga magulang na tulungan siya sa napili niyang pagkakakitaan. Kaya, maliban sa inaasikaso ng mga itong maisan, tinutulungan din siya sa pag-aalaga ng kanyang mga kalabaw. Maging ang mga kapatid niya ay buong galak ding tumutulong sa pag-aalaga sa labing-lima niyang kalabaw.

Ayon kay Gloria dela Cruz, director ng PCC sa DMMMSU, nakitaan niya ng kahusayan si Jayson sa pag-aalaga ng kalabaw. Bunga nito, nang may mga magsasakang nagsauli ng ipinahiram sa kanilang kalabaw, ipinahiram niya ang mga ito kay Jayson.

"Sa pangangalaga ni Jayson, napansin kong gumanda 'yong pangangatawan ng mga mapapayat na kalabaw na ipinasa sa kanya," sabi ni Direktor dela Cruz.

Ayon naman kay Jayson, malaki ang naitulong sa kanyang gawain ng mga kaalamang natutunan niya sa paghahayupan sa kanyang kurso sa kolehiyo.

"Napakalaking *advantage* sa 'kin na may alam na ako dahil *agriculture* ang kinuha kong kurso. Alam ko rin ang *technique* kung paano alagaan at paramihin nang matagumpay ang aking mga alaga," sabi niya.

Sa ngayon, isa siya sa mga regular na nagdadala sa planta ng RODPA ng kanyang mga inaning gatas.

"Labing-tatlong litro ang karaniwang inaani kong gatas mula sa dalawa kong kalabaw na ginagatasan ngayon," sabi niya.

Ang karaniwang kinikita ni Jayson ay Php780 kada araw. Inaasahan niyang lalaki pa ito nang apat na beses kapag nanganak na ang anim niyang buntis na mga kalabaw.

"Akala ng ibang kapwa ko kabataan, mahirap ang gawaing ito. Pero hindi naman ganoon kahirap at ang hindi nila alam, malaki ang kita dito," sabi niya.

Kailangan nga lamang na talagang magsipag at ibigay ang kailangan ng mga inaalagaan para malaki rin ang kanilang maibigay na gatas, aniya.

Nang tanungin siya kung ano ang maaari niyang ibahagi sa mga kapwa niya kabataan, ito ang kanyang pahayag:

"Kung walang kabataang magpapatuloy sa sinimulan ng mga naunang magsasaka, walang kakainin ang susunod na henerasyon. Kailangan na mayroong mga kabataang magtataguyod sa agrikultura sa ating bansa."

Sa mga pahayag nina Moises at Jayson, mahihinuhang maliban sa kanilang kagustuhang umunlad ang sarili nilang pamumuhay, mulat din sila sa pakikibaka ng bansa upang matugunan ang pagkaing kinakailangan ng bawa't mamamayan.

Marami pa sanang mga kabataan ang tumulad sa kanila. Sana nga. (K)



# Kabataang nagkapuso sa industriya ng paggagatasan



NI MA. CECILIA IRANG

LARAWANG KUHA NI KHRIZIE EVERT M. PADRE

**Isang malaking hamon, at ginintuan ding oportunidad, na maituturing na sa mahabang panahon ay 99% ng gatas na kinukunsumo sa bansa ay inaangkat mula sa ibang bansa.**

Bunga nito, bilyun-bilyong halaga ng salapi ang nagugugol sa pag-angkat ng produktong ito.

Kung tutuusin, may produksiyon nga rin ng gatas sa bansa at di-maikakailang mayroon ding mga lokal na magsasaka at mamumuhunan na nasa larangan ng paggagatasan. At, may angkop namang likas-yamang agrikultural na makatutustos sa pag-aalaga at pagpaparami ng pinagmumulan ng gatas, na mga kalabaw, baka, at kambing.

Kung gatas mula sa kalabaw ang pag-uusapan, yaon ang buong igting ngayong pinagsisikapan ng iba't ibang sektor sa bansa. Dala na rin ito ng partikular na programa, ang Carabao Development Program (CDP) na iniatang ng batas sa itinatag na Philippine Carabao Center (PCC). Nakapaloob sa programa, ang pagtataguyod ng *carabao-based industry* o industriyang nakasalig sa kalabaw.

Di kataka-taka na marami ngayon ang nagsasabalikat ng mga gawaing kaugnay sa industriyang nakasalig sa kalabaw. Bakit nga hindi ay sa dahilan ngang ang industriyang ito ay siya ngayong tinatawag na "sunshine industry" ng bansa.

At mayroon ding mga kabataang nakakita ng malaking oportunidad sa industriyang ito. Kaya't isinapuso na nila ang pakikilahok sa pagkakalabawan. Tulad nina James Olaivar, 24, at Tairon Torres, 26, na may mahalagang papel na ginagampanan para makatulong na mapalago at maitaguyod ang paggagatasan sa bansa.

Silang dalawa ay tinaguriang mga *dairy technicians* ng PCC sa Ubay Stock Farm (PCC sa USF) na nakabase sa Ubay, Bohol.

Bilang mga *dairy technicians*, isa sa mga tinututukan nila ay ang makahikayat ng mga magsasaka na subukang gatasan ang kanilang alagang kalabaw kapag ito ay nakapanganak na. Gayundin, malaking hamon para sa tulad nilang *dairy technicians* na paramihin ang mga magsasakang-maggagatas sa kanilang lugar.

Ayon kina James at Tairon, maraming mga magsasaka na ayaw gatasan ang kanilang kalabaw. Ang mga karaniwang rason na sinasambit ng mga magsasaka kung bakit hindi nila ginagatasan ang kanilang alagang kalabaw ay ang gatas daw ay para sa bulo lamang, wala silang interes, mahirap ang gawaing paggagatas, at kulang pa sila ng kaalaman at kamalayan na ang kalabaw ay totoong nakapagbibigay ng gatas.

Kaya naman para sa kanila, puspusan ang ginagawa nilang panghihikayat at pagpapakilala sa programang paggagatasan sa paggabay ng PCC sa USF. Itinuturing nila itong pansariling hamon at isang pribilehiyo para mapasigla ang industriya ng paggagatasan.

**PARAAN NG PAGHIHIKAYAT**

Sa tulong na rin ng listahan o *database* ng *artificial insemination* at *bull loan services* ng PCC sa USF, nalalaman nila kung sino at ilan ang mga kalabaw na malapit nang manganak sa mga lugar na nasasakupan ng kani-kanilang mga serbisyo.

Minsan naman ay nagiging daan na rin ang mga magsasakang tinuturuan nila para malaman kung sino pa ang ibang mga magsasaka sa kanilang lugar na may alagang kalabaw na malapit nang manganak na puwede nilang puntahan at hikayatin.

Mayroon silang kani-kaniyang *target* na dapat ma-*recruit* sa lugar na nasasakupan ng kanilang serbisyo.

Pitong barangay sa bayan ng San Miguel, Bohol ang nasasakupan ng serbisyo ni James habang walong barangay naman sa bayan ng Ubay, Bohol ang kay Tairon.

Isang paraan nila ng paghihikayat ay ang paghahalimbawa nila sa ibang mga magsasakang-maggagatas sa kanilang lugar na matagumpay na at may pinagkukuhanan na ng karagdagang kita mula sa

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

# Kabataang...

MULA SA **PAHINA 9**

paggagatas. Binabalik-balikan nila ang magsasaka hanggang sa ito ay magpakita ng interes sa programa.

Sakaling hindi pa rin makumbinsi ang mga magsasaka ay iniimbitahan nila ang mga ito sa tanggapan ng PCC sa USF para maipakita sa kanila ang aktwal na pagkokolekta ng gatas ng kalabaw at doon ay tinuturuan sila kung paano isagawa ang wastong pag-aalaga ng kalabaw at paggagatas.

Kung malayo naman ang lugar nila sa PCC sa USF, sa bahay na mismo ng magsasaka isinasagawa ang pagtuturo kung paano isagawa ang paggagatas.

Sa loob ng isang linggo mula sa panganganak ng kalabaw, silang *dairy technician* muna ang gumagatas. Bunga nito, natututunan ng magsasaka ang paggagatas at sa kalaunan ay madali na nila itong naisasagawa.

Para sa kanila, ang kumumbinsi ng mga magsasaka na gumatas at makabilang sa programa ay hindi ganoon kadali. Kaya't doble ang galak na nararamdaman nila sa tuwing sila ay makahihikayat ng mga magsasaka na sumali sa programa ng paggagatasan at magkaroon ng karagdagang pagkakakitaan.

Sa kasalukuyan, buong-galak na ipinagmamalaki nina James at Tairon na simula nang naging *dairy technicians* sila ay marami na rin silang nahikayat na mga magsasaka na sumuong sa paggagatas.

Si James ay nakahiyat na ng mahigit 30 magsasaka habang si Tairon naman ay mahigit 50 magsasaka na. Ang mga magsasakang ito ay nakabilang na ngayon sa programa ng paggagatasan.

### SI JAMES

Pang-anim sa walong magkakapatid, kumukuha noon ng kursong *Information Technology* si James. Nguni't hanggang *2nd year college* lamang ang naabot niya. Hindi naman naging maramot sa kanya ang kapalaran dahil napasok siya bilang *office clerk* noong 2013 sa PCC sa USF sa loob ng tatlong buwan.

Nagsimula siyang maging *dairy technician* noong 2014 na kung saan sa PCC sa USF pa rin siya nagre-*report* pero *office of the provincial veterinarian* na ang nagpapasuweldo sa kanya.

Bilang *dairy technician*, bukod sa panghihikayat sa mga magsasaka na gumatas, tungkulin din niya ang sumama sa mga kawani ng PCC sa USF sa pagsasagawa ng *orientation* tungkol sa programa.

Kabilang din siya sa nagmo-*monitor* ng mga ginagatasan ng mga magsasaka, nag-a-*update* ng *reproductive performances* ng mga kalabaw na ginagatasan at nangongolekta ng mga naaning gatas araw-araw ng mga magsasaka sa lugar na nasasakupan niya.

Bago dalhin sa pamilihan, nagsasagawa muna siya ng pangunang pagsusuri sa kalidad ng gatas tulad ng *alcohol precipitation test* (APT) para malaman kung *class* A, B o C ang gatas. Mayroon siyang sariling talaan kung ilang litro ang nakolekta ng mga magsasaka at kung anong klase ang inani nilang gatas.


Ang Bohol Dairy Cooperative, isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng PCC sa USF, ang bumibili ng mga nakolektang aning gatas ng mga magsasaka na nasasakupan niya at ng kay Tairon.

Nasa Php50 ang halaga kada litro ng gatas na *class* A, Php35 naman ang *class* B at walang kaukulang halaga ang *class* C. Tuwing katapusan ng buwan, nakukuha ng mga magsasaka ang bayad base sa dami at klase ng gatas na naani nila.

Mula sa lugar na nasasakupan ng kanyang pagse-serbisyo, si James ay nakakokolekta ng nasa 14 na litro araw-araw sa pitong *native*



**Si James Olaivar habang sinusuri ang gatas na nakolekta ng magsasaka sa pamamagitan ng *alcohol precipitation test.***




na kalabaw at isang *crossbred* na ginagatasan. Noong nakaraang Pebrero ay umabot sa 426.53 litro ang pinakamataas na nakolekta niya sa isang buwan.

Nasa Php280 kada araw o Php5,500 kada buwan ang sinusweldo ng mga *dairy technicians*. Maliban dito, may Php800 *travel allowance* pa sila buwan-buwan at sagot ng PCC sa USF ang gasolina ng motor na ginagamit nila sa pag-iikot at pangongolekta.

"Araw-araw kami nag-iikot at nangongolekta. Pumapasok kami kahit *weekend* at *holiday* pero wala kaming dagdag na suweldo," wika niya.

Pero kahit magkaganoon, aniya, ay hindi naman sila agrabyado dahil sa bawa't litro ng gatas na nakokolekta nila tuwing *weekend* at *holidays* ay may nakukuha silang Php1.50.

Si James ay miyembro rin ng San Miguel Dairy Breeders Association habang ang mga magulang naman niya ay miyembro ng Ubay North Western Dairy Breeders Association.

Sa kasalukuyan, tatlong kalabaw ang inaalagaan ng pamilya niya, isang *Bulgarian murrah buffalo* na ipinahiram ng PCC at kasalukuyang ginagatasan, isang *native* na kalabaw na galing sa DSWD, at isang bulo.

"Kaya naman determinado rin akong manghikayat ng mga magsasaka na gumatas. Ito'y bunga na rin ng  nasasaksihan ko at ng aking pamilya na maganda talaga ang kita sa pagkakaroon at pag-aalaga ng gatasang kalabaw. May pera ka na sa gatas, may pera ka pa rin na tinatanaw 'pag ibinenta ang anak nito," ani James.

Dagdag pa niya:

"Dahil sa naipon ko mula sa pagiging *dairy technician* at paggagatas, nakabili na ako ng sarili kong motor, *flat screen TV*, at nakakatulong ako sa pagpapagawa ng bahay namin. Nakakabili ako ng sarili kong gamit na hindi na ako humihingi sa mga magulang ko. Dati, sa kanila ako humihingi ng panggastos; ngayon, sila naman ang binibigyan ko ng panggastos."

### SI TAIRON

Tulad ni James, ganoon din ang mga responsibilidad at araw-araw na gawain ni Tairon bilang *dairy technician*.

Nguni't bago mapalaot sa pagiging *dairy technician*, bagama't *high school graduate* lang, ay naging *security guard* muna si Tairon sa isang *mall* sa Tagbilaran, Bohol sa loob ng dalawang taon.

"Noong 2014, nalaman ko na naghahanap sila ng *dairy technician* kaya umaplay ako at mapalad namang natanggap," pagkukuwento niya.

Sa lugar na nasasakupan niya, nakakokolekta siya ng 25 litro araw-araw mula sa dalawang *native* na kalabaw at anim na *crossbred* na ginagatasan. Noong buwan ng Mayo, umabot pa sa 937.73 litro ang

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



Idinadala ni Tairon Torres sa Bohol Dairy *outlet* ang mga nakolektang gatas ng mga magsasakang nasa lugar na nasasakupan niya.

## Kabataang... MULA SA **PAHINA 11**

pinakamataas na nakolekta niya sa isang buwan.

"Sa kinikita ko ay nakabili na ako ng motor, napaayos na 'yong bahay namin at natutulungan ko 'yong mga magulang ko sa gastusin. 'Yong baon ng bunso kong kapatid ay ako na ang nagbibigay," ani Tairon.

Para kay Tairon, ilan sa mga problema na kinakaharap nilang mga *dairy technician* ay kapag nasira ang motor na ginagamit nila sa pangongolekta ng gatas at sa pag-iikot para makarating sa mga magsasaka. Mas mahirap pa, aniya, kapag umuulan at bumabaha.

"Ang ginagawa ko kapag ganoon ay inaabisuhan ko kaagad 'yong magsasaka. Tumatawag ako na hindi ako makapupunta sa kanila o kaya ay mahuhuli ako ng dating. Ibibilin ko rin na ilagay muna nila sa *ref* 'yong gatas nila," paliwanag niya.


Si Tairon ay miyembro ng San Pascual Dairy Breeders Association. May isang kalabaw din siyang inaalagaan na galing sa DSWD, pero hindi pa ginagatasan.

**MABIBIHIRA**

Iilan lamang sina James at Tairon sa mga kabataang may puso at malasakit na rin sa industriya ng paggagatasan. Hindi nila alintana kung wala man silang *day-off* sa trabaho basta ang mahalaga ay maayos nilang magampanan ang kanilang tungkulin sa mga magsasakang-maggagatas.

Sa susunod na limang taon, ang Kagawaran ng Agrikultura ay may adhikain na mula sa isang porsiyento ay tataas hanggang 10 porsiyento ang produksyon ng gatas sa Pilipinas. Kapag nakamit ito, hindi maikakaila na kabilang sina James at Tairon sa taas-noong magsasabing:

"Nakapag-ambag ako sa pagtupad ng layuning mapataas ang produksyon ng gatas sa bansa." K



"Sa kinikita ko ay nakabili na ako ng motor, napaayos na 'yong bahay namin at natutulungan ko 'yong mga magulang ko sa gastusin. 'Yong baon ng bunso kong kapatid ay ako na ang nagbibigay."

- TAIRON TORRES

# Angat-buhay bilang 'barefoot technician'

NI KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE



"Hanggang may naseserbisyuhan ako, nakikita ko na sulit ang ginagawa ko dahil masaya ang may-ari ng kalabaw. Kahit hindi sila magbayad agad, okay lang sa 'kin. Ang mahalaga ay nakatulong ako sa mga magsasaka."

- ROLLY RICHARD SALAMEDA

**Sa patuloy na paglago ng industriya ng pagkakalabawan at paggagatasan, isang gawaing teknikal ang nakalaan na buong-puso namang pinapasok ng mga kabataan, kahit na mga kabataang hindi man lamang nakapagtapos ng higit na mataas na pinag-aralan sa paaralan.**

At sila'y kumikita. Tulad nina Rolly Richard Salameda, 21; Lester Alagar, 21; at Jayson Dupalao, 22.

Ang gawain: *Village-based Artificial Insemination Technician* o VBAIT. Sa lengguahe na ikinakabit sa mga tulad nila sa iba't ibang larangan sa agrikultura – sila'y tinatawag na mga "barefoot technicians".

Sa pagkakalabawan, sila yaong mga pribadong indibiduwal na sinanay ng Philippine Carabao Center (PCC) upang magsagawa ng pamamaraang *artificial insemination* (AI) sa pagpapataas ng lahi ng kalabaw upang maging mahusay na gatasan. Ang kanilang pangunahing dala at inililipat sa palalahiang kalabaw ay mga naprosesong semilya na mula sa piling bulugang kalabaw.

Pinasimulan noong 2006, ang pagsasanay sa mga VBAIT ay ang siyang naging tugon ng PCC upang lalong mapalawak ang programang AI sa buong bansa bilang alternatibo sa natural na pagpapabulog. Layunin nito na maihatid sa mga liblib na mga nayon ang serbisyo sa pagpapaganda ng lahi ng kalabaw. Isa kasi sa mga problema ng magsasaka na gustong magkaroon ng gatasang kalabaw o gawing gatasan ang kanilang *native* na kalabaw ay ang kakulangan ng bulugan.

Isang paraan ng PCC sa pagpaparami ng mga gatasang

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



Si Rolly Richard Salameda habang nagsasagawa ng serbisyong AI sa kalabaw ng isa sa kanilang kliyente, katulong ang kanyang ama na si Rolando Salameda.

# Angat-buhay...

MULA SA **PAHINA 14**

kalabaw ang *artificial insemination* o AI.

Upang maging kwalipikado sa pagsasanay, kinakailangang nakapagtapos ng sekondaryang edukasyon, may malakas na pangangatawan, may alagang kalabaw o baka, interesado at buo ang loob na magsagawa ng AI, tatanggapin ang responsibilidad ng pagiging isang VBAIT at kinakailangang inindorso ng komunidad o ng lokal na pamahalaan.

Ang mga sinanay na VBAIT ng PCC sa buong bansa ay pinagkakalooban ng kumpletong gamit sa pagsasagawa ng AI. Ang distribusyon ng suplay tulad ng AI *sheath*, *gloves*, tangke na may *liquid nitrogen* at *frozen buffalo semen* ay ipinamimigay kada linggo o base sa pangangailangan ng AI *technician* ayon sa kanyang isinumiteng talaan ng serbisyo.

May karampatang bayad na natatanggap ang teknisyan mula sa magsasaka sa bawa't serbisyong naisagawa sa kanyang kalabaw. Ito'y mula sa halagang Php300 hanggang Php1,000. Bukod dito, may pagkakataon ding mabigyan ng insentibo ang teknisyan mula sa PCC sa bawa't naipanganak na bulo sa kanyang pagseserbisyo.

**SI ROLLY RICHARD SALAMEDA**

Si Rolly Richard Salameda, 22, ay naging isang VBAIT sa murang edad na labing-anim na taong gulang. Nagmula sa isang simpleng pamilya sa Barangay Lao, Ormoc, Leyte, siya ay pangatlo sa pitong magkakapatid.

Napukaw ang kanyang interes na maging isang teknisyan nang mahikayat ng PCC sa Visayas State University (PCC sa VSU) ang kanyang ama na si Rolando Salameda na magsanay bilang isang VBAIT noong Enero ng taong 2011. Katatapos lamang niya noon ng *high school*.

Habang aktibo sa pagiging teknisyan, nagawang isabay ni Richard ang pag-aaral ng *one-year vocational course* na *Seafaring with specialization in Stewarding* sa Ormoc City Institute of Technology at pagkaraan ng tatlong taon, ipinagpatuloy naman niya ang pag-aaral ng kolehiyo. Nguni't sa hirap ng buhay, nagsakripisyo siya para sa kapakanan ng pamilya. Tumigil siya sa pag-aaral at siya'y nagpokus sa pagiging VBAIT.

Ayon sa kanya, hindi madali ang maging isang VBAIT sa umpisa. Nguni't sa taong pursigidong umangat ang buhay, pinatunayan niyang kaya niya itong isagawa.

"Sa katulad ko na nagsisimula pa lamang noon sa pagiging VBAIT, kailangan munang kumbinsihin 'yong mga tao dahil wala pa akong magandang *record* ng pagseserbisyo. Ipinaliliwanag ko pa sa kanila kung paano isinasagawa ang pag-a-AI sa hayop. Sinubukan muna namin ng aking ama ang pagseserbisyo sa aming barangay", ani Rolly.

Umaabot lamang sa tatlong serbisyo ang nagagawa niya noon sa isang buwan dahil kadalasang sa bulugan ipinabubuntis ng mga magsasaka ang kanilang kalabaw.

"Nguni't nang nagtagal, nagsimula nang manganak ang mga naserbisyuhan naming mga kalabaw at noon nila nakita ang kainaman ng AI sa kanilang mga kalabaw. Naging daan iyon upang makilala kami sa pag-a-AI. Sa ngayon ay buong Ormoc na ang aming sineserbisyuhan," dagdag niya.

Hindi na nga naging mahirap para sa mag-ama ang magserbisyo ng AI dahil sa bawa't dumarayo sa kanilang lugar upang tingnan ang "produkto" ng kanilang AI ay nahihikayat agad na magpaserbisyo ng kanilang mga kalabaw.

"Karaniwan nang nagiging komentaryo na 'Uy, ang ganda naman ng kalabaw mo'. At agad nilang itinatanong kung anong lahi iyon at ano'ng paraan ang ginawa. Siyempre bunga ng AI na isinagawa namin, ang sagot nila," saad niya.

Kanya-kanya silang lakad na mag-ama. Minsan siya lang ang nagdadala ng serbisyo, minsan ang ama lang niya.

"Minsan magkasama kami pero mas prayoridad ni Tatay ang pagbubukid. Karaniwan ay dito na sa aming bakuran ginagawa ang pagseserbisyo dahil kusa nang dinadala ng mga magsasaka ang kanilang kalabaw na paseserbisyuhan," dagdag pa niya.

Isang libo ang bayad sa bawa't kalabaw na kanilang naseserbisyuhan sa kundisyong dapat na makitang buntis na ang hayop. Nguni't mayroong mga pagkakataon na kalahati muna ang ibinabayad nila at ang kalahati ay kapag nakapanganak na ang hayop. Kung minsan naman, nag-aabot na agad ng kaunting halaga kapag nagawa na ang pagpapasemilya at ang kabuuan ay iniaabot kapag siguradong buntis na ang kalabaw.

Binabalik-balikan nila ang mga nasemilyahang kalabaw para matiyak na buntis na ang mga ito.

Karaniwang kumikita si Rolly ng Php3,000 hanggang Php5,000 sa isang buwan. Bukod dito ay nakatatanggap siya ng insentibo mula sa PCC na Php100 kada kalabaw na naserbisyuhan. Ito'y sa pamamagitan ng pagsusumite ng talaan sa PCC sa VSU sa itinakdang araw kada buwan. Bukod dito, karagdagang Php100 sa bawa't bulo na maipapanganak ang natatanggap niyang insentibo.

Sa sariling kita na niya nanggagaling ang kanyang mga pang-araw-araw na pangangailangan at pantulong sa gastusin nila sa kanilang tahanan. Nakapaglabas na rin siya ng sariling motor na siya niyang hinuhulugan buwan-buwan.

Mayroon ding mga pagkakataon na nagbibigay si Rolly ng ibang serbisyo bukod sa pag-a-AI. Ito ay ang pagpapaanak, pagpupurga at pagbibigay ng bitamina sa kalabaw at ito'y bunga na rin ng natutuhan niya sa pagsasanay na isinagawa ng PCC sa VSU. Bunsod nito, kumikita rin siya ng karagdagang Php1,000 sa bawa't pagpapaanak kapag iba ang nag-AI at Php500 naman kung siya mismo ang nagpabuntis sa hayop.


Para sa kanya, masaya na siya kapag nakikitang nagbubunga ang sipag at tiyaga niya sa pagbibigay ng serbisyong AI sa mga kalabaw ng magsasaka.

"Hanggang may naseserbisyuhan ako, nakikita ko na sulit ang ginagawa ko dahil masaya ang may-ari ng kalabaw. Kahit hindi sila magbayad agad, okay lang sa 'kin. Ang mahalaga ay nakatulong ako sa mga magsasaka," sabi ni Rolly.

**SI LESTER ALAGAR**


Para naman sa tulad ni Lester Alagar na tubong Rosario, Batangas, hindi lamang sa tulong pinansiyal sa sarili niya ang nakikita niyang kahalagahan ng pagiging isang VBAIT. Napupuspos siya ng tuwa sa naiaambag niyang kabutihan sa

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



**"Bukod sa napunan ko ang kakulangan ng teknisyan sa lugar namin, natutulungan ko rin na maiangat ang lahi ng mga kalabaw dito sa aming bayan. Kapag mas mataas na lahi, mas mataas din ang halaga ng kalabaw ng mga magsasaka."**

- LESTER ALAGAR



Si Lester Alagar habang nagsasagawa ng serbisyong AI sa kalabaw.

## Angat-buhay... MULA SA **PAHINA 16**

komunidad.

"Bukod sa napunan ko ang kakulangan ng teknisyan sa lugar namin, natutulungan ko rin na maiangat ang lahi ng mga kalabaw dito sa aming bayan. Kapag mas mataas na lahi, mas mataas din ang halaga ng kalabaw ng mga magsasaka," pagmamalaking wika ni Lester.

Pangatlo sa pitong magkakapatid, si Lester ay isa sa kasalukuyang aktibong AI *technician* sa bayan ng Rosario. Ang bayan nila ay may dalawang teknisyan lamang.

Ayon sa kanya, may kakulangan ng teknisyan sa kanilang lugar. Ang kanyang ama ay aktibong miyembro ng Rosario Dairy Raisers Association (RODRA) at malaki ang pangangailangan ng asosasyon sa serbisyo ng AI kung kaya't hindi naging mahirap para sa kanya na magpasyang magsanay bilang isang VBAIT.

"Nagsanay ako na maging isang AI *technician* dahil sa kagustuhan ko na rin. Labing-siyam na taong gulang lamang ako noon nang magsanay sa pag-a-AI sa PCC sa University of the Philippines-Los Baños (PCC sa UPLB). Buong Rosario ang sineserbisyuhan ko. Basta may interesadong magpa-AI ng kanilang hayop, pinupuntahan ko," ani Lester.

Si Lester ay kasalukuyang nag-aaral sa Batangas State University at kumukuha ng kursong *Information Technology, major in Computer Technology*. Dahil sa pag-a-AI ay nagagawa niyang sustentuhan ang kanyang pag-aaral.

Ang nagiging kita niya ay Php5,000 hanggang Php10,000 kada buwan sa pagseserbisyo ng AI.

"*Self-supporting* na ako sa pag-aaral ko. Inaabot ako kung minsan ng ika-10 ng gabi sa pagseserbisyo. Karaniwan kasi na pagkatapos ng klase saka ako nagseserbisyo," ayon sa kanya.

Aniya, kapag may tumawag sa kanya sa umaga, tinatanong niya kung kailan huling naglandi ang kalabaw. Base kasi sa kanyang karanasan, kapag mabilisan na binigyan ng AI ang isang kalabaw hindi agad nabubuntis ito kung kaya'y nagpapalipas pa siya ng ilang oras bago niya puntahan ang hayop o kaya naman sinasabi niya sa may-ari kung anong oras ang dapat na pagbibigay ng serbisyong AI.

"Kung hindi ako makapupunta, ipinapasa ko na lamang sa kapwa ko teknisyan ang pagseserbisyo", dagdag niya.

Para sa kanya nagiging sulit ang ibinabayad sa kanya kapag nakikita niyang masaya ang may-ari habang tinitingnan ang bulo na naipanganak dahil sa pag-a-AI niya.

Kapag nagmimintis ang pagbubuntis, ginagawa niya ang kaukulang panghihikayat para tangkilikin pa rin ang AI.

Bilang ganti sa kabutihan ng AI sa kalabaw sa kanilang lugar at sa natatamo niyang biyaya mula rito ay nagbibigay siya ng libreng serbisyo sa kanilang kooperatiba.

Sa kasalukuyan ay inaayos ni Lester ang pagtatala ng mga naipanganak na bulo dahil sa kanyang pag-a-AI. Ang bawa't bulo na naipanganak ay may katumbas na insentibong Php100 mula sa PCC sa UPLB.


Umabot na sa 35 bulo ang naging "produkto" ng pagseserbisyo niya ng AI mula noong 2016.

### SI JAYSON DUPALCO

Si Jayson Dupalco, na mula sa Barangay Paraiso, Mabini, Bohol, ay



Hindi hadlang ang layo ng lugar sa pagbibigay ng serbisyong AI sa kalabaw para kay Jayson Dupalco.




maituturing na isa pang baguhan bilang VBAIT. Dahil sa interes na makatulong sa mga magsasaka sa kanilang lugar, kusang-loob siyang nagsanay ng AI sa panghihikayat na rin ng PCC sa Ubay Stock Farm (PCC sa USF).

Bago naging VBAIT ay namasukan siya bilang isang *dairy technician* noong 2013. Katatapos lamang niya ng sekondaryang edukasyon noon nang mahikayat siya na magsanay sa *Proper Milking and Milk Handling Training*. Nang makatapos sa pagsasanay ay napasok siya sa Office of the Provincial Veterinary ng Bohol upang magsilbing *dairy technician* sa kanilang probinsya.

Sa gawaing ito, siya ang naatasang mangolekta ng gatas sa iba't ibang lugar. Nguni't pagkaraan lamang ng isang taon ay nag-iba siya ng trabaho at lumipat sa Bacolod. Nito lamang nakaraang taon siya nagpasyang bumalik muli at naging isang VBAIT.

"Buong Mabini ang sineserbisyuhan ko, kasama ang tatlong iba pang teknisyan. Nagsasagawa muna ako ng libreng *estrus synchronization* sa mga kalabaw sa aming lugar at pagkatapos ay ibinibigay ko ang aking numero (ng *cell phone*) upang kontakin ako ng may-ari ng kalabaw. Pagkaraan ng tatlong araw ay isinasagawa ko na ang AI", ani Jayson.

Tatlong daang piso ang bayad sa bawa't serbisyong naisasagawa niya. Isinasagawa niya pagkalipas ng tatlong buwan ang *pregnancy diagnosis* sa naserbisyuhang hayop.

Hindi bumababa ang kita ni Jayson sa Php3,000 hanggang Php5,000 bawa't buwan. May karagdagan pa itong Php500 kapag matagumpay na nakapanganak ang kalabaw na naserbisyuhan ng AI. Kalahati lamang ng halagang ito ang insentibo niya mula sa PCC sa USF kapag bigo na magkaroon ng bulo ang napagbuntis na kalabaw.

Nagre-*recruit* din si Jayson ng iba para maging VBAIT. Nakatatanggap siya ng Php4,800 bilang *training allowance* sa kada *trainee* na panggastos niya sa pagbibigay ng *hands-on training* na tumatagal ng dalawang linggo.

Sa bawa't naisusumite niyang *report,* siya'y nakatatanggap ng mga panibagong suplay na gamit para sa pag-a-AI.

Aniya, "Ang pagiging nakapokus sa pag-a-AI at ang pagiging masipag at matiyaga sa paghahanap ng kliyente ang siyang nakatulong sa akin upang mas makamit ko ang magandang benepisyo nito hindi lamang sa aking sarili kundi sa mga natutulungan kong mga may-ari ng kalabaw. Sa ganitong paraan, napakikinabangan ko ang aking natutunang kaalaman ukol sa paglalahi ng kalabaw na gamit ang AI."

### MGA PATUNAY

Sina Rolly, Lester, at Jayson ay may kanya-kanyang istorya sa kanilang pagiging VBAIT.

Di-maikakaila, sa pagiging VBAIT ay natatamo nila ang pagpapaangat ng sari-sariling buhay.

Silang tatlo ay mga patunay na hindi nalilimitahan sa taas ng pinag-aralan kundi sa pagnanais na mapaunlad ang sarili gamit ang natamong kaalaman upang mapabuti ang kalagayan sa buhay at makatulong sa pamayanan.

Kayo, gusto rin ninyong maging VBAIT? At bakit naman hindi?

# May agos ng buhay sa industriya ng pagkakalabawan

NINA MA. CECILIA IRANG AT KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE

**Bunsod ng kahirapan sa buhay, hindi man nila kagustuhan ay minabuti nina Jonel Villalobos at Geline Cruzada na huminto na lamang sa pag-aaral. Gayunman, sa kabila ng kanilang desisyon, matibay pa rin ang kanilang paniniwala na makahahanap sila ng maayos na trabaho at kikita rin sila ng ikabubuhay.**

Nguni't sa ubod ng kanilang isip ay lumulutang ang kaukulang tanong: "Sa anong gawain kaya kami makapapasok ng trabaho?"


Hindi naman naging maramot ang kasagutan sa kanilang tanong.

Sa industriya ng pagkakalabawan at paggagatasan, bagama't sila'y mga *high school graduates* lamang, ay nasumpungan nina Jonel at Geline ang kanilang hinahanap na kasagutan sa kanilang tanong.

Naging daan ang pagiging miyembro ng kani-kanilang mga magulang sa General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative (GTDRMPC), isang kooperatibang inaasistehan ng Philippine Carabao Center sa University of the Philippines-Los Baños (PCC sa UPLB), para malaman nilang may mga bakanteng posisyon sa GTDRMPC. Sila'y umaplay at mapalad namang natanggap - si Jonel bilang *driver* at *milk collector*, na kinalaunan ay naging isa siyang *processor,* at si Geline bilang isang *quality assurance officer*.

**SI JONEL**

Bago napasok sa kooperatiba, nasubukan na ni Jonel, ngayo'y 26 na, na mamasukan sa iba't ibang trabaho, na tulad ng pag-aalaga ng baboy at pagtatrabaho sa isang pabrika ng elektronika.




> "Kahit hindi ako nakatapos ng pag-aaral, malaki ang pasasalamat ko na sa gawaing ito ako nakapasok."
>
> - JONEL VILLALOBOS

"Naging mahirap para sa akin ang pagtatrabaho doon. Buti na lang may *hiring* sa kooperatiba noon," ani Jonel.

Nasa edad 19 siya nang siya'y mapasok bilang *driver/milk collector* ng kooperatiba.

Tuwing ika-anim ng umaga ay nag-uumpisa na siyang mangolekta ng gatas kasama ang isa pang taga-kolekta. Umaabot ng 150 litro ng gatas ang nakokolekta nila araw-araw mula sa mahigit 20 miyembro ng kooperatiba.

Ang sweldo niya sa isang araw ay Php332 at karagdagang Php50 na *allowance* para sa pamasahe. Tuwing Biyernes ay tinatanggap niya ang kanyang sahod.

Pagkaraan ng apat na taon, nagbitiw sa tungkulin ang dating taga-proseso ng gatas at si Jonel ang mapalad na napiling pumalit sa posisyon.

"Mas okay sa 'kin na maging taga-proseso kasi para sa'kin mas madali 'yon at ganoon din naman kalaki ang suweldo," ani Jonel.

Bilang taga-proseso, kapag naidala na sa planta ang nakolektang gatas, si Jonel ang nagsasala nito at nagsasalin sa *pasteurizing machine*. Pagkaluto ay isasalin niyang muli ito sa ibang sisidlan at saka ilalagay sa palamigan.

Ang ipinoproseso niya araw-araw simula alas diyes ng umaga ay 50 litrong gatas ng kalabaw para sa *fresh milk,* 25 litro para sa *choco milk*, at 10 litro para sa *ice candy*. Siya rin ang nag-o*operate* ng makina para sa paggawa ng *ice cream*.

Nais ni Jonel na mapalawig pa ang kaalaman niya sa pagpoproseso ng iba pang mga produktong mula sa gatas. Kaya't nagsisikap siyang mapag-aralan ang mga ito.

Para sa kanya, masasabi na ring malaki ang naging tulong ng kanyang trabaho dahil sa sumasapat naman ang kita niya sa araw-araw para sa kanyang asawa at isang anak.

"Kahit hindi ako nakatapos ng

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



**Si Jonel Villalobos habang isinasalin ang ipoprosesong gatas sa *pasteurizing machine*.**



Si Geline Cruzada habang nagsasagawa ng *alcohol precipitation test* sa bagong *deliver* na gatas sa koop.

# May agos... MULA SA **PAHINA 19**

pag-aaral, malaking pasasalamat ko na sa gawaing ito ako nakapasok," ani Jonel.

Sa kooperatiba, na kung saan siya nagtatrabaho, ay may karagdagang mga benepisyo pa silang natatanggap tulad ng dibidendo, *salary loan*, at pagkakasapi sa SSS, PhilHealth, at Pag-IBIG, aniya.

"Nakauutang din kami dito sa kooperatiba at ang pagbabayad ay kinakaltas na lang sa sahod," aniya.

Sa apat na taon niyang pagiging miyembro ng GTDRMPC, aniya, hindi bumababa sa Php2,000 ang nakukuha niyang dibidendo kada taon. May isang panahon, aniya, na umabot pa sa Php10,000 ing tinanggap niyang dibidendo.

Dahil nga sa mga benepisyong natatanggap ay nakapagpundar na ng mga sasakyan si Jonel tulad ng motorsiklo at *owner-type jeep*.

Sa kasalukuyan, may 17 kalabaw na inaalagaan ang kanyang pamilya. Apat sa mga ito ang ginagatasan at nakakokolekta sila ng kabuuang 30 litro ng gatas araw-araw.

"Nakikita ko ang sarili ko na magtatagal sa ganitong gawain. Hangga't kaya ko, hindi ako aalis dito," nakangiting sambit ni Jonel.

**SI GELINE**

Si Geline Cruzada, 26, ay isang *solo parent* o solong nag-aaruga sa kanyang apat na taong gulang na anak na lalake.


Dahil sa kakulangang pinansyal ay hanggang sekondarya lamang siya napagtapos noon ng kanyang mga magulang sa pag-aaral. Nguni't hindi naman ito naging hadlang upang hangarin niya na magkaroon ng maayos na pamumuhay.

Noon ay nakaupo bilang isa sa mga miyembro ng *board of directors* ng GTDRMPC ang kanyang ama na si Lauro Herrera. Ito'y nagbukas ng pagkakataon sa kanya na mapasok bilang isa sa mga tagahalo ng pastillas ng koop noong 2009.

Sa kanyang pagtatrabaho, na tinaglay niya ang magkahalong dedikasyon at pagiging bukas sa kaalaman, nahirang siya bilang *quality assurance officer* (QAO) pagkaraan ng isang taon. Sa kanyang gawain, bukod sa teknikal na pagsasanay na kanyang nakuha mula sa PCC sa UPLB ay dinagdagan pa niya ang kanyang kaalaman mula sa mga payo na hiningi niya sa dating QAO ng koop.

Tuwing ika-pito ng umaga ay nasa koop na siya upang paghandaan ang pagsusuri sa mahigit 500 litro ng gatas na dinadala sa kanilang *processing center.* Kumukuha lamang siya ng kaunting gatas mula dito upang gawing *sample* sa kanyang mga gagawing pagsusuri. Ang mga *sample* na ito ay sinusuri niya sa pamamagitan ng *sensory test, alcohol precipitation test,* at *lactometer test.*

"Dahil sa aking isinasagawang mga pagsusuri, napananatili ko ang magandang kalidad ng gatas na ginagamit para sa produkto namin. Naihihiwalay ko ang dapat at di-dapat na maproseso," ani Geline.




"Sa pamamagitan ng *sensory test,* nakikita ko kaagad kung may dumi, natitiyak ko kung nasasala bang maigi ang gatas at kung ito ay may di-kaaya-ayang amoy. Naika-klase din agad ang gatas base sa kanyang itsura gamit naman ang *alcohol precipitation test.* Ang mga gatas na may buo-buo o *clotted milk* ay maaari lamang iproseso bilang kesong puti habang ang mga gatas na purong likido naman ay ginagawang *pasteurized milk* at *choco milk,*" paliwanag niya.

Kanya pang idinagdag:

"Sa *lactometer test* naman ay nalalaman kung may halong tubig ang gatas. Ang gatas na may halong tubig ay hindi na ipinoproseso upang hindi makasira sa tamang lasa ng gatas na gagamitin para sa *pasteurized milk.* Maaari lamang itong iproseso na *choco milk* at kesong puti."

Mula sa tinatanggap na Php115 na suweldo noong siya ay tagahalo pa lamang ng pastillas, ito ay naging Php331 na kada araw bilang QAO at karagdagang Php50 na *allowance* na pamasahe. Tulad ni Jonel, nakatatanggap din siya ng mga benepisyong tulad ng Philhealth coverage at pagiging kasapi sa SSS at Pag-IBIG.

Ayon sa kanya hindi lamang sa pinansiyal na aspeto nakatulong ang kanyang pagiging QAO sa koop.

"Natutunan ko nang mahalin ang trabaho ko dahil nakatutulong din ito sa kalusugan ko at sa anak ko na regular kong pinaiinom ng gatas kung kaya't malusog din ang pangangatawan niya," sabi ni Geline.

Sabi pa ni Geline, kung mabibigyan siya ng pagkakataon na makapag-aral, kukuha siya ng kursong may kinalaman sa ginagawa niya.

"Gusto ko na may kinalaman na sa ginagawa ko ang pag-aaralan kong kurso dahil madami na akong natutunan sa paggagatas at pagnenegosyo. Balang araw, nais ko din na magamit ang kaalaman ko sa pagpoproseso ng gatas, kasi madami rin sa aming lugar ang naggagatas at p'wede itong simulan bilang isang maliit na negosyo," pagtatapos ni Geline.

# Sa *langit* ng sariling negosyo

NI CHRISSALYN MARCELO

**Sa panahon ngayon, marami pa ring kabataang nakapagtapos ng pag-aaral ang mas pinipili ang mamasukan sa trabaho. Lubhang malayo sa kanilang isip ang makipagsapalaran sa pagkakaroon ng sariling negosyo.**

Ito ay dahil sa kapag namamasukan sila sa trabaho ay sigurado ang kita nila kada buwan. Ang kaseguruhang ito ay hindi maipapangako ng sariling negosyo bukod pa sa walang katiyakan kung magtutuluy-tuloy ito sa mahabang panahon.

Pero para sa dalawang kabataan na may kanya-kanyang larangan ng negosyo, sina Ms. Erika Ng Wong, 27, at Ms. Raquel Fausto, 30, mas maganda ang pagnenegosyo kaysa sa pamamasukan sa opisina.

"Bakit hindi?" magkahiwalay nilang pahayag. "Sa sariling pagnenegosyo ay maraming mga benepisyo na makukuha," dagdag nila.

Tinukoy nilang mga benepisyo ang sumusunod:

- hindi lamang sarili ang natutulungan kundi ang ibang tao (halimbawa: pagbili ng gatas mula sa magsasakang-maggagatas para masuportahan ang negosyo ng mga ito);
- pagsunod sa sariling hilig na tulad ng *product innovation* o paglikha ng mga produktong may *twist* o kakaiba;
- nagagawang i-aplay sa negosyo ang napag-aralan sa tinapos na kurso;
- at higit sa lahat, nakatutulong ang negosyo sa bansa, partikular sa industriya ng paggagatasan.

Masaya sila sa napili at inilunsad nilang negosyo. Sabihin pa nga, kumikita sila para ganap na maipagpatuloy ang pagpapaunlad pa ng napili nilang gawain.

Kung ano ang kanilang negosyo? Ito ay paggawa at pagbebenta ng masarap at kakaibang *ice cream* na may *brand name* na "Karabella" at "Kelato Gelato"- dalawang pangalan na pumapatok sa masa at lumalaking hukbo ng mga nagkakagusto mula sa iba't ibang antas ng lipunan na pina-uugnay ng mga *social networking sites* tulad ng *facebook, twitter*, at *blog*.

**KARABELLA**

Sa terminong "caraballa", na ang ibig sabihin ay babaing kalabaw, nanggaling ang pangalan ng Karabella. Isa rin ito sa sa mga *social enterprises* ngayon na ka-*partner* ang Gawad Kalinga Enchanted Farm (GKEF) na matatagpuan sa Angat, Bulacan.

Pangunahing dahilan sa pagtatayo ng negosyong ito ang tumulong na mapaunlad ang buhay ng mga magsasakang-maggagatas bago ang kita, paunlarin ang *dairy industry* sa Pilipinas, at bigyan ng daan ang lahat ng mamimili na makabili ng produktong mula sa gatas ng kalabaw na maituturing na *world class*, ayon kay Erika, isa sa mga kabataang piniling iwanan noon ang magandang trabaho sa *multi-national company* para lamang magnegosyo sa kasalukuyan.

Si Erika, nakapagtapos ng kursong *Bachelor of Science in Commerce, Major in Business Management with specialization in Applied Corporate Management*, sa De La Salle University noong 2011, ang siya ring nasa likod ng konsepto ng Karabella kasama ang kanyang mga ka-grupo na sina Timms Choy, Fabien Courteille at Kimberly Camu.

Nitong Enero 2016 lamang nagsimulang itatag ang Karabella nguni't makikitang patuloy itong tumitibay at lumalago dahil sa sipag at tiyaga na rin ng mga tao sa likod nito.

Sa katunayan, anim na "proudly Filipino flavors" na ang nadebelop at ibinebenta nito. Ang mga ito ay ang *salted-egg caramel*, *tablea chocolate*, turon at langka, *peanut butter*, *ube halaya*, at *leche flan* na may kalamansi. Pangunahing sangkap nito ang 100% gatas ng kalabaw, dahil sa "mataas ang *butter fat content* nito na magandang gamitin sa paggawa ng *ice cream*", *egg yolk* at asukal.

Binibili ni Erika sa halagang Php75 kada litro ang gatas ng kalabaw mula sa tatlong *farmer-partners*, na tinatawag niyang sina Tito Ed, Tito Pole at Tito Dennis. Silang lahat ay naninirahan sa Bulacan hindi kalayuan sa GKEF.

"Katulong din namin si Adrianne Tan (isang *chef* mula sa Maynila) sa pagdedebelop ng mga produkto namin," masayang sabi pa niya. "At sa lahat ng flavors namin, 'yong *salted-egg caramel* ang pinakamabili dahil sa masarap at kakaiba nitong lasa," dagdag niya.

Mabibili sa halagang Php80 (3.5 *ounce/grams*), Php290 (*pint size*/450ml), at Php290 (*half gallon container*/2L) ang masarap na *ice cream* ng Karabella. Bukod pa rito, ikinokonsidera ring *artisanal* ang *ice cream* nila dahil sa tradisyunal at manu-manong pamamaraan ito ginagawa.

Maliban sa *ice cream*, nagbebenta din ang Karabella ng *liquid milk products* na katulad ng *fresh milk, choco milk* at *peanut butter milk*. Mabibili ang mga ito sa halagang Php90 kada 220ml na nakalagay sa sisidlang bote.

Kahit na bago pa lamang ang Karabella sa negosyo, mayroon na agad itong dalawang regular na malalaking kliyente na pinagdadalhan nito ng produkto. Ang mga ito ay ang *The Parenting Emporium*, na matatagpuan sa New Manila, Quezon City at ang *The Lollicake Factory*, na matatagpuan naman sa Pasig, Metro Manila.

"Kada Martes o kaya'y Miyerkules ako nagdadala ng 20 *glass bottles* ng gatas at 50 *cups order* ng *ice cream* sa *The Parenting Emporium* samantalang *15 cups* ng *ice cream* naman 'yong idini*deliver* ko sa *The Lollicake Factory* kada linggo," masayang sabi ni Erika.

Maliban pa rito, bukas din ang Karabella para sa *booking* ng makulay at nakatutuwa nilang *ice cream cart* para sa mga kasiyahan (*events and parties*), *restaurants* at *cafés*, ayon sa kanya. Ang bayad para rito ay ang mga sumusunod:

- 100 *scoops* = Php10,500
- 150 *scoops* = Php13,500
- 200 *scoops* = Php16,500
- 250 *scoops* = Php19,500
- 300 *scoops* = Php22,500
- 350 *scoops* = Php25,500
- 400 *scoops* = Php28,500
- 450 *scoops* = Php31,500
- 500 *scoops* = Php34,500

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



**Upang mas maipakilala ang kanilang produkto ay lumalahok din ang grupo ni Erika Ng Wong (nasa kanan) sa mga *products exhibition*.**



**Isa si "Tito Ed" sa mga maggagatas na pinagbibilhan ni Erika ng gatas ng kalabaw.**

# Sa langit... MULA SA **PAHINA 23**

Karabella

Dairy Products

All Local, All Natural

Made from Carabao's milk




**(Mula sa kaliwa) Ang *salted-egg caramel*, *ube halaya*, at *tablea chocolate* ay ilan lamang sa mga *Filipino flavors* ng Karabella *ice cream*.**

Sa kasalukuyan, umaabot na sa 60 litro ng *ice cream* ang naipoproseso at ibinibenta ng Karabella mula sa 30 litrong gatas ng kalabaw at mga sangkap na binibili nito kada linggo para sa kanilang mga mamimili. Nasa halagang Php50,000 hanggang Php60,000 naman, samantala, ang *gross income* nito kada buwan na ayon kay Erika ay inaasahan pa nilang tataas simula sa darating na Disyembre.

## KELATO GELATO

Kung *ice cream* din lang ang pag-uusapan, siguradong kakaiba, o produktong may *twist*, ang ibinibentang *ice cream* ng Kelato Gelato.

Galing ang pangalan nitong "kelato" sa *nickname* ni Raquel na "Kel" samantalang "gelato" naman ang tawag sa *soft rich ice cream* na ipinoproseso na may kaunti o walang kasamang hangin.

Si Raquel ang solong bumuo ng konsepto ng Kelato Gelato mula sa pagdedebelop ng sangkap o *product formulations* ng *ice cream* na ibinebenta nito hanggang sa pagsasapamilihan nito at pagpapakilala sa mga tao.

Maituturing din siya ngayon na isa sa mga kabataang mas pinipili ang pagsisigasig sa pagnenegosyo kaysa sa pagtatrabaho katulad ng kanyang ama na si Danilo V. Fausto, may-ari ng kumpanyang DVF Gatas ng Kalabaw, na piniling iwanan noon ang pagtatrabaho para mag-*full-time* sa negosyo.

(Ang "DVF Gatas ng Kalabaw" ay isa sa mga kumpanyang tumutulong na paunlarin ang industriya ng paggagatasan sa pamamagitan ng pagtulong at pagsuporta sa mga magsasakang-maggagatas. Ito ay matatagpuan sa Talavera, Nueva Ecija.)

Kursong *advertising arts* sa University of Sto. Tomas sa Manila ang tinapos ni Raquel noong taong 2009. Taong 2013 naman nang sinimulan niyang itayo ang sariling negosyo.

Naiiba sa ordinaryong *ice cream* ang Kelato Gelato. Tatlo ang *flavor lines* nito, na nagbabandera ng kakaibang pangalan: *sober line* (*non-alcoholic*) na may mga *flavors* na *Hazelnut*, "Wag ka Machokulet", "Alam Vanilla" at "Nougat No Glory". Mabibili ang mga ito sa halagang Php120/*shot* at Php430/*tub*. Ito ay para sa mga mamimili na hilig pa rin ang pagkain ng *classical flavors* ng *ice cream*.

Pangalawa naman ang *alcoholic line* na may *flavors* na "White Russian", "Tikman Mojito" at "Piña Colada". Mabibili ang mga ito sa halagang Php180/*shot* at Php480/*tub*. Ito ay para sa mga mamimili na gustong malasing sa pagkain ng *ice cream*.

**Ilan sa mga pinakamabiling *flavors* ng Kelato Gelato.**




*Larawang mula kay Raquel Fausto*

**Ang *flavor* na *Pistachio of Liberty* ay para sa mga nais makatikim ng *ice cream* na hindi matamis.**




*Larawang mula kay Raquel Fausto*



**Ang Tikman Mojito ay isa sa tatlong *flavors* ng *alcoholic ice cream* na produkto ng Kelato Gelato.**

*Larawang mula kay Raquel Fausto*

Ang pinakahuli naman ay ang *no sugar added line* na may *flavors* na "Pistachio of Liberty" at "Son of a Peach" na mabibili sa halagang Php150/*shot* at Php450/*tub*. Ito ay para sa mga mamimili na nais makatikim ng *ice cream* na hindi matamis.

"Pinakamabili sa mga ito ang *hazelnut* at *white Russian*, ayon kay Raquel. "*Best-seller* ang *hazelnut* dahil lasa raw itong *Nutella* at gayundin naman ang *white Russian* dahil lasa raw itong kape na nakalalasing," dagdag niya.

Bawa't produkto niya ay may pangunahing sangkap na gatas ng kalabaw at ipinoproseso sa *enclosed condition environment* gamit ang *ice cream machine maker* para masigurong masarap at de-kalidad ang pagkakagawa. Ang ibang sangkap naman nito ay binibili ni Raquel sa *supermarket* at sa mga lokal at *Italian suppliers* niya.

Sa kasalukuyan ay nakapagpoproseso siya ng 12-24 litro ng gatas kada buwan sa paggawa ng *ice cream*.

Maliban sa pagbebenta nito sa DVF Gatas ng Kalabaw at sa *weekend bazaars*, nakabukas sa *booking* ang Kelato Gelato para sa mga kasiyahan (*events at parties*) sakali't naisin ninuman na bumili at matikman ang masarap at kakaibang *ice cream* niya.


Di maikakailang maunlad na rin ang negosyo ni Raquel. Bunsod ito ng pagsisipag, pagtitiyaga, disiplina at pagiging malikhain niya sa gawain.

Si Erika at Raquel … dalawa silang kabataang nagpapatunay na ang pagkakaroon ng naiibang layunin, lakas ng loob, sipag, tiyaga, at determinasyon sa negosyo ang daan upang unti-unting umunlad at magkaroon ng malaking kita. Ⓚ

# *Patotoo ng isang kabataan:*
## Magagamit ang naiibang kasanayan sa pagkakalabawan

NI MERVALYN TOMAS

**Paggamit ng makabagong teknolohiya sa agrikultura. Ito'y isang paraan para maka-engganyo ng mga kabataan na sumangkot sa industriya ng pagsasaka.**




Sang-ayon ito sa di-iilang eksperto na nagsabi ring bukod sa malaki ang kaibahan nito sa makalumang pamamaraan, napadadali at nagiging maganda ang resulta, at halos nakatitiyak ng higit na malaking pakinabang.

Hindi maikakaila na madalas na iniuugnay ng mga kabataan ang agrikultura sa kahirapan. Tingin nila ay hindi ito maipagmamalaki kaya mas pinipili nilang lumayo at magtrabaho sa mga lungsod o sa ibang bansa, ayon sa Asia Farmers Association for Sustainable Rural Development (AFA).

Sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang teknolohiya, kabilang na ang *Information and Communication Technologies (ICT)*, sa pagsasaka, maikokonekta ng mga kabataan ang kanilang kaalaman sa pagpapabuti sa industriyang ito.

Isang patotoo si Ian Joseph Timothy Selda, 30, ng Sindangan, Zamboanga del Norte, na nagsabi na ang industriya ng agrikultura sa bansa ay sadyang maipagmamalaki rin.

Nakapagtapos ng *Bachelor of Science in Information Technology* sa Silliman University si Ian. Dahil sa kanyang angking kaalaman sa Information Technology, nakabuo siya ng isang *digital mapping system* na sa pamamagitan nito'y madaling makikita ang lokasyon at impormasyon tungkol sa mga kalabaw at mga magkakalabaw sa isang lugar.

Ang *system* na nagawa niya ay tinawag niyang "Mga Impormasyon at Lokasyon ng mga Kalabaw sa Pilipinas" (MILK-P).

**SIMULA**

Sa pagsasalaysay ni Ian, nagkaroon siya ng interes na makatulong sa industriya ng pagkakalabawan nang minsang sinamahan niya ang kanyang ama na dumalaw sa Philippine Carabao Center (PCC) National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz.

Mayroong malaking aktibidad noon ang ahensiya at inimbitahan ang kanyang ama upang dumalo dahil siya noon ang *officer- in-charge* ng Municipal Agriculturist's Office sa Sindangan. Napansin noon ni Ian na walang datos tungkol sa mga kalabaw sa Mindanao na naipresenta sa aktibidad na ito.

"Naisip ko noon na puwede naman akong gumawa ng sistema para makuha ang mga datos sa Mindanao," sabi niya.

Dati nang may nagawa si Ian na sistema sa pagkuha ng datos na tinawag niyang Project CHILD o Children's Information and Location Database.

Ang unang pinasukang trabaho ni Ian pagka-*graduate* niya noong 2010 ay sa Local Government Unit (LGU) ng Sindangan. Ayon sa kanya, pagkatapos ng ilang taong pagtatrabaho niya doon, napansin niyang kulang ang mga datos tungkol sa mga mamamayan.

"Kailangan ang tama at eksaktong datos upang makapagdesisyon ang LGU nang tama dahil magba-base sila sa datos kung sino ang kanilang ang uunahin na maging *recipients* sa mga proyekto ng gobyerno," paliwanag niya.

Kaya naman, gumawa siya ng *system* kung saan naka-*geotag* o nakatala ang lahat ng bahay at taong nakatira doon sa Sindangan.

Nang makaugnay nilang mag-ama si Dr. Arnel del Barrio, *executive director* ng PCC, nabanggit nila ang tungkol sa nagawang *system* ni Ian. Naging interesado ang direktor kaya hinimok niya si Ian na patuloy na makipag-ugnayan sa PCC.

**MILK-P**

Ang proyektong MILK-P ay isinasagawa ngayon sa Sindangan.


"Dito muna namin pinasimulan ang proyekto para mas malapit at madaling matutukan," pahayag ni Ian.

Sa ngayon, ipinagpapatuloy pa ng grupo ni Ian ang pag-*geotag* sa mga kalabaw na nasa kanilang lugar. May mga *enumerator* na pumupunta sa bawa't magkakalabaw at sila ang nag-i-*input* sa MILK-P *software* ng mga kailangang datos. Ang mga datos na itinatala ay kagaya ng kasarian, *breed* o lahi, edad, at iba pa.


Kinukuha rin nila at itinatala ang mga datos tungkol sa mga magsasaka kagaya ng kung ilang ektarya ang kanilang lupa, kabuuan nilang kita, at iba pa.

Ayon kay Ian, kung sakali mang may maging interesado sa kanyang *system*, ipapamigay niya ito nang libre at ang babayaran na lamang ay ang kanyang *professional fee* kapag itinuro niya kung paano gamitin ang *system* na ito.

Batay na rin sa pagpapatunay sa kanyang nagawa, binibigyang-diin ni Ian na ang kaalamang napag-aralan at nakasanayan sa iba't ibang propesyon ay magagamit din at lubhang mapapakinabangan sa pagpapabuti pa ng agrikultura sa bansa. Ⓚ



**Tala ng naihiwalay na bilang ng palahiang babaing kalabaw.**




***Geotagging***



**Larawan ng kalabaw na sumailalim sa *geotagging.***

## Hatid ng mga kabataan

# Sigla't saya sa pagkakalabawan sa Masaya Sur

NI MERVALYN TOMAS

LARAWANG KUHA NI CHRISSALYN MARCELO



Ilan sa mga miyembro ng YESDI habang nagtatanim ng legumbreng pakain sa kalabaw.

Habang binabagtas nila ang madamong daanan patungo sa bukid ni Ruel Taguiam, isang magsasakang-maggagatas sa lugar na iyon, masayang kuwentuhan at halakhakan ang maririnig mula sa mga kabataang miyembro ng Youth Engagement for Sustainable Dairy Industry (YESDI) sa Masaya Sur, San Agustin, Isabela.

Nang hapong iyon, tatamnan nila ng mga punla ng *superior* na damong pakain sa kalabaw ang isang parte ng bukid ni Mang Ruel.

"Gusto naming makatulong sa komunidad partikular sa mga magkakalabaw. Habang ginagawa namin ito, kumikita din kami kaya nakapag-aambag din kami sa mga gastusin ng aming mga pamilya," sabi ni Deziree Liberato, isa sa mga miyembro ng grupo.

"Hindi lang kami ang makikinabang kundi makatutulong din kami sa ibang tao para mapaunlad ang industriya ng paggagatasan," sabi naman ni Manny Aguilar, pangulo ng YESDI.

Dalawampu't apat na kabataan na may edad 16 hanggang 24, ang mga miyembro ng YESDI. Karamihan sa kanila ay taga-Masaya Sur, isa lamang ang galing sa ibang barangay.

Sila'y nagpakita ng ganap na interes na masangkot sa industriya ng pagkakalabawan at paggagatasan.

"Mayroon silang mga planong gustong isagawa para sa grupo, kabilang na ang pagkakaroon ng gatasang kalabaw," sabi ni Ma. Theresa Sawit, OIC ng Operations Unit ng Philippine Carabao Center (PCC). "Hindi naman kami nag-atubiling tulungan at gabayan sila," dagdag niya.

Sa ilalim ng proyektong "Enhancing Milk Production of Water Buffaloes through Science and Technology Interventions", binuo nila ang samahang YESDI at ang mga miyembro ay sumailalim sa mga pagsasanay.

Ang proyekto ay itinataguyod sa San Agustin, Isabela sa pagtutulungan ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) at ng PCC.



### Kita sa gatasang kalabaw

"Maraming magsasaka ang nagmamay-ari ng kalabaw sa San Agustin nguni't mas ginagamit nila ang mga ito sa bukid. Mangilan-ilan lang sa kanila ang naggagatas," sabi ni Kevin Dave Cho, *veterinarian* at isang kasangkot sa proyekto.

Ayon sa kanya, isa sa mga layunin ng grupo ay ipakita sa mga magsasaka ang benepisyo ng paggagatas ng kalabaw ayon sa kanilang natutunan. Kabilang sa ihahatid nilang pagtulong ay kasanayan mula sa tamang pag-aalaga ng kalabaw na gamit ang mga makabagong teknolohiya, paggagatas, pagpoproseso ng gatas, at pagbebenta sa mga produktong mula sa gatas.

### Kabataan sa pagkakalabawan

"Naisipan naming buuin ang grupong ito dahil kailangan ng mga *second liners* na magpapatuloy sa sinimulan ng kanilang mga magulang upang mapaunlad ang pagkakalabawan. Isa pa, tumatanda na ang edad ng mga magsasaka kaya kailangang ma-*mobilize* ang mga kabataan," paliwanag ni Honorato Baltazar, isa sa mga nag-isip sa pagbuo ng organisasyong ito.

Ayon naman kay Sawit, nag-*survey* sila sa San Agustin at nakita nilang nagkaka-edad na nga ang mga magsasaka sa nasabing bayan kaya naisip nila na kailangan talaga ang pakikisangkot ng mga kabataan.

Ang San Agustin ay isa sa mga bayan sa bansa na maraming *crossbred* na kalabaw. Ibig na ibig nga ng mga namumuno sa nasabing lugar na kilalanin ang kanilang bayan bilang "Crossbred Carabao Capital of the Philippines".

"Bago namin isinangkot ang bawa't miyembro sa grupo, tinanong muna namin 'yong pangarap nila sa buhay at natuwa kami dahil may pangarap silang kumita upang makatulong sa kanilang pamilya," pahayag ni Baltazar.

Isa din sa mga layunin ng pag-organisa sa grupong ito ay mabigyan ng pagkakakitaan ang mga kabataan na hindi nila kailangang lumabas sa kanilang komunidad, ayon pa sa kanya.

Dagdag pa niya, ang mga kabataang miyembro ng YESDI ay mabilis na napagsama-sama kaya naging madaling naisagasa ang mga kaukulang mga aktibidades nila.

"Marami silang potensiyal na kahit sila mismo ay hindi nila nabibigyan ng tamang halaga kaya kailangang gabayan sila para sa kanilang pag-unlad at makatulong sa kanilang pamilya at komunidad," paliwanag pa ni Baltazar.

### Higit pa sa kita

"Hindi lang pagkakakitaan ang gusto nating ipaunawa sa kanila. Batay na rin sa kanila, gusto din nilang magkaroon ng pagbabago sa kaisipan," sabi ni Baltazar.

"Angkop naming saloobin ito sa dahilang sila ang mga susunod na lider sa kanilang lugar. Sa pamamagitan nila, mapapabuti at mapapanatili ang industriya ng paggagatasan," paliwanag ni Baltazar.

Ang mga miyembro ng grupo ay sinasanay sa iba't ibang teknikal na aspeto ng *carabao dairying*, *animal health*, at *forage production*. Ginagabayan din sila kung paano maging *community-based facilitator* upang makatulong din sila sa mga pagsasanay na ginagawa ng PCC sa mga magsasakang-maggagatas sa kanilang lugar.


"Basta pumasok ang tamang *values* sa kanila, tingin ko ay maitataguyod nila nang tuluy-tuloy ang proyektong ito," dagdag niya.

Paliwanag pa niya, kailangan ng makabagong pamamaraan upang ipakilala ang mga teknolohiya sa pagkakalabawan at ito ang isa sa mga naisipan nilang paraan.

### Para sa kinabukasan

Sa ngayon ang organisasyon, bagama't nagsisimula pa lamang, ay nagsasagawa na ng mga gawaing nakabase sa mga planong isasagawa ng samahan, ayon kay Cho.


"May pondo ang grupong ito na Php390,000. Ginagamit namin ito para sa iba't ibang kaparaanan na nagsusulong sa mga gawain," sabi ni Cho.




**"Sinasanay rin namin sila sa pagpaparami ng mga damong pakain, pagtulong sa pagbibigay ng artificial insemination, pag-aasiste kapag maysakit ang mga kalabaw dahil walang veterinarian ang San Agustin, pagtulong sa paggagatas at sa paggawa ng iba pang gawain na hindi gamay ng mga magkakalabaw sa lugar na ito."**

**- KEVIN DAVE CHO**

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**





Tumutulong din ang mga miyembro ng YESDI sa paggagatas ng kalabaw ng mga magsasaka.

# Hatid...

MULA SA **PAHINA 29**

Paliwanag niya, para sana sa *forage supply* na ibinibigay sa mga magsasaka at sa mga *laborers* na magtatanim at magdi-*distribute* ng mga itatanim na damo gagamitin ang pondo pero naisipan nilang imbes na magbayad ng mga *laborers*, bumuo na lang ng grupo ng kabataang gagawa nito.

"Sinasanay rin namin sila sa pagpaparami ng mga damong pakain, pagtulong sa pagbibigay ng *artificial insemination*, pag-aasiste kapag maysakit ang mga kalabaw dahil walang *veterinarian* ang San Agustin, pagtulong sa paggagatas at sa paggawa ng iba pang gawain na hindi gamay ng mga magkakalabaw sa lugar na ito," paliwanag ni Cho.

Paliwanag pa ni Cho, ang grupong ito ay umpisa lamang ng mga mabubuo pang grupo ng mga kabataan sa buong San Agustin at maaaring sa iba pang lugar sa Pilipinas.

Hayag naman ang kasiglahan ng mga miyembro ng grupo. Nang dalawin sila ng mga manunulat ng magasing ito, hapon na at dama pa rin ang init ng panahon nguni't di nila ito alintana. Tutok na tutok sila sa pagtatanim ng legumbreng-pakain sa kalabaw sa bukid na kanilang pinuntahan.

"Gusto naming makatulong sa mga magsasaka sa komunidad at gusto rin naming matulungan ang aming pamilya," ito ang halos sabayang sagot ng mga kabataan kung bakit sila'y sumali sa grupo.

Sa bawa't pagdakot nila ng lupa upang tabunan ang ugat ng mga punlang legumbre, makikitang puno sila ng sigla at nakabanaag ang pag-asa sa kanilang ginagawa. Ito'y ang pagiging masaya ng industriya ng pagkakalabawan sa Masaya Sur dahil sasagana ang pamumuhay dito dala ng mga gatasang kalabaw. Ⓚ



# Mga kaisipan at opinyon

## Bakit mahalaga ang papel ng kabataan sa pag-unlad ng agrikultura o paghahayupan?

TINIPON NINA MERVALYN TOMAS AT MA. CECILIA IRANG

**"Makatutulong kami sa simpleng pag-*apply* ng teknolohiya na natutunan namin sa aming kurso sa agrikultura."**
**- Harvey Jules Delfin, 18, BS Agribusiness**

**"Kabataan ang pag-asa ng bayan, kaya dapat ituro sa kanilang mabuti ang tuwid na pamamaraan para sa ganoon mapaunlad ang agrikultura/ paghahayupan."**
**- Giovannie Hingpit, 25, BS Agriculture**

**"Magkaroon ng sariling negosyo sa agrikultura upang makatulong din sa iba sa pamamagitan ng mga pangkabuhayang nakasalig dito. Sa pamamagitan nito, makatutulong din kami sa ating bansa."**
**- Eugenio Rombo, 20, BS Agribusiness**

**"Kailangan nilang matutunan dahil sila na ang susunod na henerasyon. Wala na silang aasahang gagawa sa mga gawaing pang-agrikultura kundi ang kanilang mga sarili at sila din ang magtuturo sa mga susunod na henerasyon para mai-*provide* ang pagkain ng bansa."**
**- John Angelo Cabie, BS Agriculture**

**"Kabataan ang susunod sa mga yapak ng mga lider, at kabataan ang may pinakamalaking ambag sa populasyon ng bansa kaya malaki ang responsibilidad nila sa pag-angat ng agrikultura sa bansa."**
**- Leisha Mae Romualdo, 20, BS Agriculture**

**"Importante ang kabataan na magpromote ng epektibong teknik sa pag-aalaga ng hayop at halaman."**
**- John Ely Ventura, 20, BS Agriculture**

**"Mga kabataan balang araw ang maglalaan ng pagkain kaya kailangan nilang matuto sa gawaing pang-agrikultura."**
**- Danica Javier, 18, BS Agriculture**



Ang mga miyembro ng Youth Engagement for Sustainable Dairy Industry (YESDI) sa San Agustin , Isabela ay patuloy na tumutulong sa mga magsasakang-maggagatas at iba pang magkakalabaw sa kanilang bayan upang lalong mapaunlad ang industriya ng paggagatasan.